


SAINT PETER DAMIAN, BISHOP AND DOCTOR OF THE CHURCH

1007–1072

February 21—Memorial

Patron Saint of Faenza and Font-Avellano, Italy

A wise and holy monk becomes a Cardinal and thunders for reform in the Church

Every Catholic knows that the Pope is elected by, and from, the Cardinals of the Church gathered in the Sistine Chapel. Every Catholic knows that the Pope then goes to a large balcony perched high in the facade of St. Peter's Basilica to greet the faithful and receive their acceptance. This is simply the way things are done in the Church. But it's not the way things were always done. A Catholic in the early Middle Ages would have described a papal election as something like a bar room fight, a back-alley brawl, or a political horse race replete with bribes, connivings, and promises made just to be broken. Everyone—far-off emperors, the nobility of Rome, military generals, influential laity, priests—put their hands on the wheel to turn the rudder of the Church in one direction or another. Papal elections were sources of deep division, causing lasting damage to the Body of Christ. Then along came Saint Peter Damian to save the day.

Saint Peter headed a group of reform-minded Cardinals and others who decided in 1059 that only Cardinal Bishops could elect the Pope. No nobles. No crowds. No emperors. Saint Peter wrote that the Cardinal Bishops do the electing, the other clergy give their assent, and the people give their applause. This is exactly the program the Church has followed for almost a thousand years.

Today's saint sought to reform himself first, and then to pull every weed that choked life from the healthy plants in the garden of the Church. After a difficult upbringing of poverty and neglect, Peter was saved from destitution by an older brother named Damian. Out of gratitude, he added his older brother's name to his own. He was given

an excellent education, in which his natural gifts became apparent, and then entered a strict monastery to live as a monk. Peter's extreme mortifications, learning, wisdom, uninterrupted life of prayer, and desire to right the ship of the Church put him into contact with many other Church leaders who desired the same. Peter eventually was called to Rome and became a counselor to a succession of popes. Against his will, he was ordained a Bishop, made a Cardinal, and headed a diocese. He fought against simony (the purchasing of church offices), against clerical marriage, and for the reform of papal elections. He also thundered, in the strongest and clearest of language, against the scourge of homosexuality in the priesthood.

After being personally involved in various ecclesiastical battles for reform, he requested leave to return to his monastery. His request was repeatedly denied until finally the Holy Father let him return to a life of prayer and penance, where his primary distraction was carving wooden spoons. After fulfilling a few more sensitive missions to France and Italy, Peter Damian died of fever in 1072. Pope Benedict XVI has described him as "one of the most significant figures of the eleventh century…a lover of solitude and at the same time a fearless man of the Church, committed personally to the task of reform." He died about one hundred years before Saint Francis of Assisi was born, yet some have referred to him as the Saint Francis of his age.

More than two hundred years after our saint's death, Dante wrote his Divine Comedy. The author is guided through paradise and sees a golden ladder, lit by a sunbeam, stretching into the clouds above. Dante begins to climb and meets a soul radiating the pure love of God. Dante is in awe that the heavenly choirs have fallen silent to listen to this soul speak: "The mind is light here, on earth it is smoke. Consider, then, how it can do down there what it cannot do up here with heaven's help." God is unknowable even in heaven itself, so how much more unfathomable must He be on earth. Dante drinks in this wisdom and, transfixed, asks this soul its name. The soul then describes its prior earthly life: "In that cloister I became so steadfast in the service of our God that with food seasoned just with olive-juice lightheartedly I bore both heat and cold, content with thoughtful prayers of contemplation. I was, in that place, Peter Damian." Dante is among refined company in the loftiest heights of heaven.

Saint Peter Damian, your reform of the Church began in your own monastery cell. You never asked of others what you did not demand first of yourself. You even endured the detraction and calumny of your peers. Help us to reform others by our example, learning, perseverance, mortifications, and prayers.

Source: https://mycatholic.life/saints/saints-of-the-liturgical-year/february-21-saint-peter-damian-bishop-and-doctor-of-the-church/

IKA-21 NG PEBRERO, LUNES III

San Pedro Damian,
Obispo at Pantas ng Simbahan

Panalangin sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.
— At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN

Antipona: **Tayo'y lumapit sa Panginoon nang may papuri at pasasalamat.**

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.
(Uulitin ang Antipona)

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.
(Uulitin ang Antipona)

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.
(Uulitin ang Antipona)

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
“Iyang inyong puso’y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso’t doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila’ ng nakinabang.
(Uulitin ang Antipona)

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, ”Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!”
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan.”
(Uulitin ang Antipona)

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan.
Amen.
(Uulitin ang Antipona)

AWIT

Kay dakila mo, O Diyos Amang walang hanggan,
Lahat ng liwanag, ikaw ang pinagmumulan.
Darating sa daigdig yaring bukang liwayway
Tanda ng pag-ibig mong walang katapusan.

Ikaw, O Hesukristo, ang tunay naming araw;
Kaloob mo ay buhay sa katawa’t isipan.
Dinggin mo ang dalanging kami’y iyong tulungang
Malayo sa masama’t anumang kasalanan.

O Espiritu Santo, sa amin ay manahan;
Loob ay bigyang lakas, gawing banal ang buhay;
Maghapon ay harapin sa gawang kabutihan,
Sa pagsapit ng gabi ay payapang hihimlay.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Mapalad silang tumatahan sa iyong pamamahay, O Panginoon.**

Salmo 84

(Pag-aasam saTemplo ng Diyos)

Mahal ko ang iyong templo,
O Makapangyarihang Diyos!

Nasasabik ang lingkod mong sa patyo mo ay pumasok.
Ang buo kong pagkatao'y umaawit na may lugod,
Sa masayang pag-awit ko pinupuri'y buhay na Diyos.

PANGINOON, sa templo mo, mga maya'y nagpupugad,
Maging ibong layang-layang sa templo mo'y nagagalak,
May inakay na kalinga sa tabi ng iyong altar;
O PANGINOON, hari namin at Diyos na walang kupas.

Mapalad na masasabi, silang doo'y tumatahan
At palaging umaawit, nagpupuring walang hanggan.
Ang sa iyo umaasa'y masasabing mapalad din,
Silang mga naghahangad na sa Sio'y makarating.

Habang sila'y naglalakbay sa tigang na kapatagan,
Tuyong lupa'y binabaha sa maagap na pag-ulan.
Habang sila'y lumalakad, lalo silang lumalakas,
Batid nilang nasa Sion ang Diyos nilang hinahanap.

Dinggin mo ang dalangin ko, O Makapangyarihang Diyos,
O ikaw na Diyos ni Jacob, dinggin mo ang iyong lingkod.
Basbasan mo, PANGINOON, yaong hari naming mahal,
Pagpalain mo po siya yamang ikaw ang humirang.

Kahit isang araw lamang, gusto ko pang sa templo mo,
Kaysa isang libong araw na iba ang tahanan ko.
Gusto ko pang maging bantay sa pinto ng iyong templo,
Kaysa ako'y mapasama sa masamang mga tao.

Ikaw ang haring dakila, ang tunay naming sanggalang,
Kami'y pinagpapala mo sa pag-ibig mo at dangal.
Hindi siya nagkakait ng mabuting mga bagay
Sa sinumang ang gawain ay matuwid at marangal.

Mapalad na masasabi ang sa iyo'y magtiwala,
Hindi sila mabibigo, yamang ikaw ay dakila!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Mapalad silang tumatahan sa iyong pamamahay, O Panginoon.**

Antipona 2: **Halikayo, umahon tayo sa bundok ng Panginoon.**

Awit: Isaias 2:2-5
(Nangingibabaw ang bundok na tinatahanan ng PANGINOON sa lahat ng bundok)

Sa mga huling araw,
Ang bundok na kinatatayuan ng Templo ng PANGINOON
Ay mamumukod sa taas ng lahat ng bundok.

Daragsa sa kanya ang lahat ng bansa.
Ang maraming taong lalapit sa kanya
Ay magsasabi ng ganito:
"Halikayo, umahon tayo sa bundok ng PANGINOON,
Sa Templo ng Diyos ni Jacob,
Upang malaman natin ang kanyang mga daan
At matuto tayong lumakad sa kanyang mga landas."

Sapagkat sa Sion magmumula ang Kautusan
At sa Jerusalem, ang salita ng PANGINOON.

Siya ang mamamagitan sa mga bansa
At magpapairal ng kapayapaan
Kung magkagayon, gagawin na nilang sudsod
Ang kanilang mga tabak,
At karit ang kanilang mga sibat.
Wala nang magsasanay ng pakikibaka
At mawawala na ang mga digmaan.

Halikayo, sambahayan ni Jacob,
At tayo'y lumakad sa liwanag ng PANGINOON.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Halikayo, umahon tayo sa bundok ng Panginoon.**

Antipona 3: **Umawit sa Panginoon at purihin ang kanyang ngalan.**

Salmo 96
(Ang Panginoon, hari at hukom ng sanlibutan)

Purihin ang PANGINOON, awitan ng bagong awit;
Ang PANGINOON ay papurihan nitong lahat sa daigdig!
Awitan ang PANGINOON, ngalan niya ay purihin.

Araw-araw ang ginawang pagliligtas ay banggitin.
Kahit saa'y ipahayag na ang PANGINOON ay dakila,
Sa madla ay ipahayag ang dakila niyang gawa.

Ang PANGINOON ay tunay na dakila, marapat na papurihan
Higit sa sinumang diyos, siya'y dapat katakutan.
Ang diyos ng sanlibuta'y pawang mga diyus-diyusan.

Ang PANGINOON lang ang may likha ng buong sangkalangitan.
Naliligid siyang lagi ng dangal at kabanalan,
Ang lubos n'yang kagandahan ay sa templo mamamasdan.

O ang PANGINOON ay purihin ng lahat sa daigdigan!
Purihin ang lakas niya at ang kanyang kabanalan!
Ang pagpuri ay iukol sa pangalan niyang banal.

Dumulog sa kanyang templo't maghandog ng mga alay.
Kung ang PANGINOON ay dumating, sa likas n'yang kabanalan,
Humarap na nanginginig ang lahat sa daigdigan.

"Ang PANGINOON ay siyang hari," sa daigdig ay sabihin,
"Sanlibuta'y matatag na, kahit ito ay ugain;
Sa paghatol sa nilikha, lahat pantay sa paningin."

Lupa't langit ay magsaya, umugong ang kalaliman,
Lahat kayo na nilikhang nasa tubig ay magdiwang.
Ang bukirin at ang lahat ng naroon ay sumigaw,
Pati mga punongkahoy sa galak ay mag-awitan.

Ang PANGINOON ay pupurihin, pagkat siya ay daratal,
Paririto sa daigdig, upang lahat ay hatulan.
Tapat siya kung humatol at lahat ay pantay-pantay.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Umawit sa Panginoon at purihin ang kanyang ngalan.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Santiago 2:12-17)*

Kaya't mag-ingat kayo sa inyong kilos at pananalita, sapagkat hahatulan kayo ayon sa kautusang nagpalaya sa inyo. Walang habag na hahatulan ng Diyos ang di marunong mahabag; ngunit ang mahabagi'y walang dapat ikatakot sa oras ng paghatol.

Mga kapatid, ano ang mapapala ng isang tao kung sabihin man niyang siya'y may pananampalataya, ngunit hindi naman niya pinatutunayan sa gawa? Maililigtas ba siya ng gayong pananampalataya? Halimbawa: ang isang kapatid ay walang maisuot at walang makain. Kung sabihin ng isa sa inyo, "Patnubayan ka nawa ng Diyos. Magbihis ka't magpakabusog," ngunit hindi naman siya binibigyan ng kanyang kailangan, may mabuti bang maidudulot sa kanya iyon? Gayon din naman, patay ang pananampalatayang walang kalakip na gawa.

TUGUNAN

Purihin ang Panginoong ating Diyos, purihin siya magpakailanman.
— Purihin ang Panginoong ating Diyos, purihin siya magpakailanman.

Walang kahambing ang mga kahanga-hangang gawa niya,
— purihin siya magpakailanman.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Purihin ang Panginoong ating Diyos, purihin siya magpakailanman.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: **Purihin ang Panginoong ating Diyos.**

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Nilikha tayo upang papurihan ang Panginoon. Buong taimtim tayong manalangin:

Purihin nawa ang iyong ngalan, O Panginoon.

Pinupuri ka namin, Maylikha ng lahat,
— sapagkat pinagkalooban mo kami ng mabubuting bagay sa lupa
at pinarating mo kami sa araw na ito.

Pagpalain mo kami sa pagsisimula ng aming gawain sa araw na ito,
— gawin mo kaming kamanggagawa, tulad mo.

Pakinabangan nawa ng aming mga kapatid
ang aming mga gawain sa araw na ito,
— upang kasama nila at para sa kanila,
maitayo naming ang isang lungsod na kalugud-lugod sa iyo.

Pagkalooban mo kami ng galak at katuwaan,
— at sa lahat ng aming makakasalamuha sa araw na ito.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

**Ama naming makapangyarihan,
ipagkaloob mong kami'y makasunod sa itinuro
at ipinakitang halimbawa ni San Pedro Damian
upang kami'y walang mahalagahin nang higit kay Kristo
at kami'y makapagbigay-pansing lagi
sa paglilingkod sa Sambayanan mo
hanggang sa kami'y sumapit
sa liwanag ng iyong walang maliw na kaligayahan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.**

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

**Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.**
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

**Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.**
— Amen.

Panalangin sa Takipsilim

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

PANGINOONG Hesus, kami po ay samahan
Ngayong palubog na ang mainit na araw.
H'wag po nawang panawin ang aming pag-asa
Sa liwanag nitong pananampalataya.

PANGINOONG Hesus, kapayapaa'y 'bigay
At sa 'ming pagsubok, kami po ay gabayan.
Ipagkaloob mo ang biyaya mong ilaw
Nang ang iyong mukha'y aming mabanaagan.

Walang hanggang Diyos, ang Kabanal-banalan,
Nasa 'yo ang lakas, at ang kapangyarihan,
Kaluwalhatian, tunay na walang hanggan,
Pagkat ikaw lamang ang nagbibigay-buhay.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Ang mga mata nati'y sa Panginoon nakatuon, at naghihintay ng kanyang mahabaging tulong.**

Salmo 123

(Ang Panginoon, di-mabibigong pag-asa ng kanyang bayan)

Ang aking pangmasid doon nakapukol,
Sa luklukang trono mo, O PANGINOON.
Tulad ko'y aliping ang inaasahan
Ay ang amo niya para matulungan.

Kaya walang humpay ang aming tiwala,
Hanggang ikaw, PANGINOON, sa ami'y maawa.
Mahabag ka sana, kami'y kaawaan,
Labis na ang hirap naming tinataglay.

Kami'y hinahamak ng mga mayaman,
Matagal na kaming laging inuuyam
Ng mapang-aliping palalo't mayabang.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Ang mga mata nati'y sa Panginoon nakatuon, at naghihintay ng kanyang mahabaging tulong.**

Antipona 2: **Ang tumutulong sa atin ay ang Panginoon na may gawa ng langit at lupa.**

Salmo 124

(Ang tulong natin ay sa ngalan ng PANGINOON)

Ano kaya't di pumanig sa atin ang PANGINOON;
O Israel, ano kaya ang sagot sa gayong tanong?
Kung ang Diyos na PANGINOON, sa amin ay di pumanig,
Noong kami'y salakayin ng kaaway na malupit,
Maaaring kami noon ay nilulon na nang buhay
Sa silakbo ng damdamin at matinding kagalitan.

Maaaring kami noo'y natangay na niyong agos,
Naanod sa karagata't tuluy-tuloy na nalunod;
Sa lakas ng agos noo'y nalunod nga kaming lubos.

Tayo ay magpasalamat, ang PANGINOON ay papurihan,
Pagkat tayo'y iniligtas sa malupit na kaaway.
Ang katulad nati'y ibong sa bitag ay nakatakas;

Lubos tayong nakalaya nang ang bitag ay mawasak.
Tulong nating kailangan ay sa PANGINOON nagmumula,
Pagkat itong lupa't langit tanging siya ang lumikha.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Ang tumutulong sa atin ay ang Panginoon na may gawa ng langit at lupa.**

Antipona 3: **Hinirang tayo ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Anak upang kanyang maging anak na ampon.**

Awit: Efeso 1:3-10
(Ang Diyos ang Tagapagligtas)

Magpasalamat tayo sa Diyos at Ama
Ng ating PANGINOONG Hesukristo!
Pinagkalooban niya tayo
Ng lahat ng pagpapalang espirituwal
Dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo.

At sa atin ngang pakikipag-isang ito,
Hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan
Upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya.

Dahil sa pag-ibig ng Diyos,
Tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya
Sa pamamagitan ni Hesukristo.
Iyan ang kanyang layunin at kalooban.
Purihin natin siya dahil sa kanyang
kahanga-hangang pagkalinga sa atin
Sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!

Tinubos tayo ni Kristo
Sa pamamagitan ng kanyang kamatayan
At sa gayo'y pinatawad na ang ating mga kasalanan.
Gayon kadakila ang pag-ibig na ipinadama niya sa atin!

Binigyan niya tayo ng karunungan at kabatiran
Upang lubos nating maunawaan
Ang kanyang lihim na panukala na isasakatuparan
Sa pamamagitan ni Kristo
Pagdating ng takdang panahon.

Ang panukalang ito ay pag-isahin kay Kristo
Ang lahat ng nasa langit at nasa lupa.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Hinirang tayo ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Anak upang kanyang maging anak na ampon.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Santiago 4:11-12)*

Huwag kayong magsiraan, mga kapatid. Ang namumula o humahatol sa kanyang kapatid ay namumula at humahatol sa Kautusan. At kung hinahatulan mo ang Kautusan, hindi ka na isang tagatupad ng Kautusan kundi isang hukom. Iisa ang nagbigay ng Kautusan at siya rin ang hukom. Tanging siya ang may kapangyarihang magligtas at pumuksa. Ngunit ikaw — sino ka upang humatol sa iyong kapwa?

TUGUNAN

Panginoon, ikaw lamang ang makapagpapagaling sa akin,
sapagkat pinasakitan kita dahil sa aking mga kasalanan.
— Panginoon, ikaw lamang ang makapagpapagaling sa akin,
sapagkat pinasakitan kita dahil sa aking mga kasalanan.

Minsan ko pang sasabihin: Panginoon, ako'y iyong kaawaan,
— sapagkat pinasakitan kita dahil sa aking mga kasalanan.

Papuri sa Ama at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Panginoon, ikaw lamang ang makapagpapagaling sa akin,
sapagkat pinasakitan kita dahil sa aking mga kasalanan.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: **Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon, sapagkat nilingap niya ang kanyang abang alipin.**

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Nais ni Kristo na pamunuan ang lahat ng tao tungo sa kaligtasan. Buong puso nating hilingin sa kanya:

Akitin mo ang lahat patungo sa iyo, Panginoon.

Sa pamamagitan ng iyong kamahal-mahalang dugo, Panginoon,
tinubos mo kami mula sa pagkaalipin sa kasalanan,
— bilang mga anak ng Diyos, gawaran mo kami ng kalayaan.

Pagpalain mo ang aming Obispo, N. at lahat ng mga obispo,
— sa diwa ng kagalakan,
maipamahagi nawa nila ang mga biyaya ng iyong mga sakramento.

Tulutan mong magtagumpay ang mga naghahanap ng katotohanan,
— at kung matagpua'y maging masigasig itong maisabuhay.

Ikaw nawa'y makapiling upang aliwin ang lahat ng mga walang kumakalinga,
ang mga ulila at mga balo,
— madama nilang kapiling ka at manahan sa iyo.

Tanggapin sa iyong walang hanggang kaharian ang mga yumao,
— na kung saan naroon ka, kasama ng Ama at ng Espiritu Santo.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
ipagkaloob mong kami'y makasunod sa itinuro
at ipinakitang halimbawa ni San Pedro Damian
upang kami'y walang mahalagahin nang higit kay Kristo
at kami'y makapagbigay-pansing lagi
sa paglilingkod sa Sambayanan mo
hanggang sa kami'y sumapit
sa liwanag ng iyong walang maliw na kaligayahan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen

Panalangin sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Natapos man ang maghapon, hindi ang magmahal;
Marami man ang hirap, pag-asa'y tumatagal;
Kunin yaring puso na pag-ibig ang may lalang
At sa pagkahimlay ay lagi nawang ingatan.

Laganap man ang dilim, ang ilaw ay narito,
May liwanag sa gabi, lakas ng mga tao.
Mata'y ipipikit ngunit ika'y katabi ko
Na laging tumitingin nang di malayo sa 'yo.

Antipona: **O Panginoong aming Diyos, ang pag-ibig mo sa ami'y walang pagkapagod.**

Salmo 86

(Panalangin ng isang dukhang nasa kagipitan)

Sa aking dalangin, ako'y iyong dinggin,
Tugunin mo, PANGINOON, ang aking pagdaing;
Ako'y mahina na't wala nang tumingin.
Yamang ako'y tapat, ingatan ang buhay,
Lingkod mo'y iligtas sa kapahamakan
Pagkat may tiwala sa 'yo kailanman.

Ikaw ang aking Diyos, ako'y kahabagan,
Sa buong maghapo'y siyang tinatawagan.
PANGINOON, ang lingkod mo'y dulutan ng galak,
Sapagkat sa iyo ako tumatawag.

Mapagpatawad ka at napakabuti;
Sa dumadalangin at sa nagsisisi,
Ang iyong pag-ibig ay mananatili.
Pakinggan mo, PANGINOON, ang aking dalangin,
Tulungan mo ako, ako'y iyong dinggin.

Dumaraing ako kung mayro'ng bagabag,
Iyong tinutugon ang aking pagtawag.
Sa sinumang diyos wala kang kawangis,
Sa iyong gawai'y walang makaparis.

Ang lahat ng bansa na iyong nilalang,
Lalapit sa iyo't magbibigay galang;
Sila'y magpupuri sa 'yong kabutihan.
Pagkat ikaw lamang ang Diyos na Dakila
Na anumang gawin ay kahanga-hanga!

Ang kalooban mo'y ituro sa akin,
At iyon ang tapat na aking susundin;
Turuang maglingkod nang buong taimtim.

O PANGINOONG Diyos, sa buo kong buhay,
Pupurihin kita magpakailanman
At ihahayag ko ang kadakilaan.
O pagkadakila! Pag-ibig mong wagas,
Dahil sa pag-ibig, ako'y iniligtas;
Di mo binayaang sa hukay masadlak.

Mayroong mga taong ayaw kang kilanlin,
Taong mararahas, na ang adhikain
Ay labanan ako't ang buhay ay kitlin.

Ngunit ikaw, PANGINOON, tunay na mabait,
Tapat at totoo, wagas ang pag-ibig;
Lubhang mahabagi't banayad magalit.
Ibaling sa akin ang awa mo't habag,

Iligtas mo ako at bigyan ng lakas;
Yamang naglilingkod sa iyo nang tapat.
Pagtulong sa aki'y iyong patunayan;
Upang mapahiya ang aking kaaway,
Kung makita nila yaong katibayan
Na ako'y inaliw mo at tinulungan!

(Papuri sa Ama at...)

Antipona: **O Panginoong aming Diyos, ang pag-ibig mo sa ami'y walang pagkapagod.**

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

(1 Tesalonica 5:9-10)

Tinawag tayo ng Diyos hindi upang parusahan, kundi upang iligtas sa pamamagitan ng ating PANGINOONG Hesukristo. Namatay siya para sa atin upang tayo'y mabuhay na kasama niya, buhay man tayo o patay sa kanyang muling pagparito.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo,
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: **Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).**

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoon,
bigyan ng panatag na pagkahimlay
ang aming mga katawan
at ang mga ginawa namin ngayon
ay magbunga nawa ng walang hanggang buhay.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos
ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.